

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Patuloy na lumubha ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa Nobyembre

Mga pangunahing nalaman

Lumiit ang output sa loob ng magkakasunod na limang buwan sa gitna ng higit na pagbaba sa mga bagong order

Patuloy na lumiliit ang bilang ng lakas-paggawa

Lumakas ang kumpiyansa sa negosyo na naitalang pinakamataas sa loob ng limang buwan

Lumubha ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa mga kumpanya ng pagmamanupaktura ng ASEAN sa loob ng magkakasunod na anim na buwan noong Nobyembre, alinsunod sa pinakabagong IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™) data, kung saan nakaapekto sa pagganap ng sektor ng pagmamanupaktura ang mga karagdagang pagliit ng output, bagong negosyo at pagtatrabaho.

Ang headline PMI ay tumaas mula 48.5 noong Oktubre at naging 49.2 noong Nobyembre, na nagpahiwatig ng pagbagsak sa katayuan ng sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN sa loob ng magkakasunod na anim na buwan, bagama't maliit lang naman ito. Kapansin-pansin, pinakamahina ang pagbagsak sa mga kundisyon sa pagpapatakbo simula noong Hulyo, kung saan mas mabagal ang rate ng pagbaba sa produksyon at papasok na bagong negosyo kaysa sa rate na nakita noong Oktubre.

Binigyang-diin ng data sa antas ng bansa na Myanmar ang may pinakamahasag na pagganap sa pitong sinusubaybayang bansa, gaya ng nangyayari sa bawat nakalipas na sampung buwan. Ang headline index (52.7) ay nagpahiwatig ng paghusay nang husto sa mga kundisyon sa pagpapatakbo at napalawig ang kasalukuyang serye ng paglago sa 13 buwan. Nag-ulat din ng paghusay ang Pilipinas, bagama't bahagya, kung saan pinakamababa ang headline figure (51.4) simula noong Hulyo sa gitna ng bumabagal na paglago ng output at mga bagong order. Vietnam lang ang isa pang bansa nag-ulat ng pagtaas sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura noong Nobyembre. Dahil walang pagbabago sa mga kundisyon sa pagpapatakbo noong Oktubre, nagpakita ang headline index (51.0) ng maliit na paghusay at naging pinakamalakas ito sa loob ng tatlong buwan.

Samantala, nag-ulat ang Malaysia ng paglubha sa mga kundisyon sa pagpapatakbo noong Nobyembre, gaya ng nangyayari sa bawat buwan simula noong Oktubre 2018. Maliit na pagbaba lang ang binigyang-diin ng headline figure (49.5), gayunpaman, pinakamabagal ang rate ng pagbaba sa nabanggit na serye. Sa unang pagkakataon simula noong Pebrero, lumiit ang sektor ng pagmamanupaktura ng Thailand noong Nobyembre. Pinakamababa ang headline index (49.3) sa loob lang ng mahigit isang taon, na nagpapahiwatig ng bahagyang paglubha sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura ng Thailand.

Kasabay nito, bahagyang humusay ang headline figure (48.2) ng Indonesia mula noong Oktubre, ngunit nagpahiwatig ito ng paglubha sa ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Binigyang-diin ng PMI data noong Nobyembre ang higit pang isyung kinakaharap ng sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN, kung saan bumagsak ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa loob ng magkakasunod na anim na buwan. Gayunpaman, bahagyang naibsan ang pagbaba, kung saan ipinahiwatig ng PMI ang pinakamahirang pagliit sa loob ng apat na buwan. Gayunpaman, patuloy na bumaba ang output at mga bagong order, kung saan tinukoy ng mga kumpanya ang mga kundisyon sa demand.

"Binigyang-diin sa data sa antas ng bansa ang higit na pagkakaiba, kung saan apat sa pitong sinusubaybayang bansa ang nag-ulat ng paglala ng mga kundisyon sa pagpapatakbo. Patuloy na nahihigitan ng Myanmar ang trend sa ASEAN na may pinakamalaking pag-unlad, habang nananatili ang Singapore sa pinakaibaba ng mga ranking.

"Sa pangkalahatan, nananatiling pangunahing alalahanin ang mahinang demand ng kliyente, at kahit na may mga senyales ng pagbagal ng pagbaba noong Nobyembre, kinakailangang makabawi ang mga pagpasok ng order sa lalong madaling panahon upang mapataas ang posibilidad ng pagbangon sa hinaharap."

mga kundisyon sa pagpapatakbo sa loob ng magkakasunod na limang buwan, na siyang katamtaman sa pangkalahatan. Gaya ng nangyari sa bawat buwan simula noong Marso ngayong taon, iniulat ng Singapore ang pinakamatinding paglubha sa pitong sinusubaybaying bansa. Gayunpaman, pinakamataas ang headline index (47.7) sa loob ng walong buwan at nagpahiwatig lang ng bahagyang pagliit sa pangkalahatan.

Sa pangkalahatan, binigyang-diin sa pinakabagong data ng survey ang patuloy na paghina ng sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN. Tumindi ang pagbagsak dahil sa mga karagdagang pagbaba sa output at mga bagong order, bagama't bumagal na ang rate ng pagliit sa parehong kaso. Sa kabaligtaran, naging mas mabilis ang pagbaba ng bagong negosyo mula sa ibang bansa, bagama't nananatiling maliit ang pagbaba sa pangkalahatan.

Samantala, bumaba ang bilang ng lakas-paggawa sa loob ng magkakasunod na anim na buwan, kung saan pangalawa na sa pinakamabilis simula noong Disyembre 2015 ang rate ng pagtatanggal ng trabaho. Nabawasan ang mga backlog ng trabaho sa loob ng magkakasunod na limang buwan, at nabigyang-diin ang higit na hindi nagagamit na kapasidad.

Binigyang-diin sa data noong Nobyembre ang higit na pagbaba sa aktibidad ng pagbili, bagama't nasa pinakamabagal na pag-usad lang ito sa loob ng apat na buwan. Gaya ng nangyari sa lahat ng nakalipas na 33 buwan maliban sa isang buwan, bumaba ang mga imbentaryo bago ang produksyon. Gayunpaman, bahagya lang naman ang bilis ng pagbaba, na humina na sa loob ng anim na buwan.

Sa usapin ng mga presyo, humina na dati ang mga pressure sa inflation. Ang rate ng inflation ng presyo ng Input ay hindi nagbago mula sa pinakamababang naitala sa survey noong Oktubre. Samantala, nananatiling matatag ang mga average na presyo sa pagbebenta sa loob ng magkasunod na dalawang buwan, na sumasalamin sa mga kumpetibong pressure.

Gayunpaman, positibo ang mga manufacturer ng ASEAN na tataas ang output sa loob ng susunod na 12 buwan noong Nobyembre. Umabot sa pinakamataas na antas ang positibong damdamin simula noong Hunyo.

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayos.

Ang data ng Nobyembre 2019 ay nakolekta noong 11-25 Nobyembre 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.


Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491 461 019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
Telepono: +1 781 301 9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahang nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.